



PAMANTAYAN SA PAGHAHANAP NG LIKAS NA HILAW NA MATERYALES

Apendiks A: Palm Oil



ANG RECKITT AT PALM OIL

Upang makalikha ng maramihang derivative ng palm oil, kakailanganin ng mas maraming crude palm oil.

Nagresulta ito sa kumplikadong supply chain kung saan maraming sakahan at plantasyon ang nagsusuplay ng mga mill at sa huli ay ang mga refinery na nagsusuplay sa atin. Sa kumpleksidad at lawak nito, napakataas ng panganib na magkaroon ng mga usapin sa karapatang pantao at kapaligiran sa mga supply chain na ito. Nangangailangan ito ng mga angkop na makatuwirang hakbang. Dahil dito, nakadetalye sa ibaba ang mga karagdagang pamantayan na naaangkop lamang sa suplay ng palm oil.

Seryoso kami sa pagsuporta sa mga internasyunal at nasyunal, hurisdiksiyunal, sektoral at multi-stakholder na pagsisikap upang pigilan ang tuluyang pagkawasak ng mahahalagang lupain at mga banta sa protektado, pambihira, delikado o nanganganib na species gaya ng nakasaad sa mga prinsipyo ng NDPE na nakabalangkas sa Seksyon 1.0.1 at inaasahang ganundin ang maging kaseryosohan ng ating mga Business Partner sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na pamantayan.

MGA PARTIKULAR NA PAMANTAYAN PARA SA PALM OIL

PRINSIPYO 01: Pag-unawa sa pinagmumulan ng materyales

Transparency

1.0.1

Kaseryosohan ng publiko sa 'forest positive' approach, gaya ng inilalarawan ng Consumer Goods Forum at ng No Deforestation, destruction of Peat lands or Exploitation (NDPE) principle sa mga palm oil supply chain.

Traceability

1.1.3 Dapat magkaroon ng listahan ng fresh fruit bunch (FFB) processing mills supplying refineries sa mga supply chain na available para sa publiko

Dapat i-update ito nang hindi bababa sa taun-taon, pinakamainam kung kada tatlong buwan.

1.1.4 Traceability to plantation (TTP) and smallholder farms

May mga time-bound na plano para makamit ito.

1.1.5 Concession boundaries

Dapat magkaroon ng mga mapang nagpapakita ng mga legal na konsesyong pinagbibilhan ng mga mill na maaakses at available sa publiko. Kung saan hindi ito available sa mga Business Partner, may mga alternatibong solusyon, na magpapahintulot sa pagpapatunay ng third-party na ang mill supply chains ay malaya sa deforestation, gaya ng inilalarawan ng Pamantayang ito.

Pagsubaybay

1.2.1 Mill-level monitoring

May ipinatutupad na mga sistema para masubaybayan ang pagsunodng mill sa mga prinsipyo ng NDPE, kabilang ang:

- Mga patakaran, pangako at time-bound na plano ng mga mill para matiyak ang pagsunod sa mga prinsipyo ng NDPE.
- Mga patakaran, pangako at time-bound na plano para matiyak ang pagsasakatuparan ng traceability at pagmamapa na nakabalangkas sa itaas, sa ilalim ng 1.1.2 at 1.1.3.

1.2.2 Satellite monitoring

Upang matukoy ang pagkawasak ng high, medium at low-density HCS at HCV forests at peatland pagkatapos ng 2015. Pahihintulutan nito ang pagtutukoy ng:

1.2.2.1 Mga plantasyon ng palm oil na nilikha pagkatapos ng 2015 – Daapt suspindihin ang mga may-ari ng mga plantasyong ito sa mga supply chain ng supplier hanggang magkaroon sila ng recovery plans.

1.2.2.2 Signipikanteng deforestation at pagkawasak ng peatland mula 2015 – Kung saan nangyari ito, ang mga supplier ay dapat:

1.2.2.1.1 Alamin kung nangyari ang deforestation event sa lupang itinalaga bilang importante at/o protektado, ayon sa pamamaraan ng HCS/HCV at pamantayan 3.0–3.5 ng NRM Sourcing Standard.

1.2.2.1.2 Tukuyin ang pagmamay-ari ng mga kinauukulang konsesyon at – kung saan naaangkop – suspindihin ang pagbili sa mga naturang grupo hanggang maipangako at ipatupad ang naaangkop na recovery process sa loob ng naaangkop na takdang tagal ng panahon.

1.2.2.1.3 Subaybayan ang mga konsesyong ito at ang mill supply chains kinalalagyan nila upang matiyak na hindi papasok ang mga ito sa palm oil supply chains.

1.3.1 Engagement

Ang mga supplier ay may sistema upang tiyaking makakapag-ulat ang mga mill laban sa mga prinsipyo ng NDPE, alinsunod sa Pamantayang ito.

1.4.1 Proseso ng pagrereklamo

May ipinatutupad na time-bound na proseso upang tasahin, itala, subaybayan at resolbahin ang mga iniulat na asal at aksyong hindi naaayon sa mga prinsipyo ng NDPE, gaya ng nakabalangkas sa Pamantayang ito (ref. 1.2.1 at 1.2.2 ng NRM Sourcing Standard). Titiyakin nito ang:

1.4.1.1 Pagsubaybay sa mga reklamong ipinaabot laban sa sinumang parte ng supply chain at pagtitiyak ng resolusyon laban sa mga time-bound na remediation plan.

1.4.1.2 Pagsuspindi sa mga nagkasalang entidad. May ipinatutupad na time-bound na plano para itama ang mga lehitimong reklamo. Kung saan malinaw na hindi ihahatid ng mga planong ito ang kinakailangang pagbabago, dapat gamitin ang suspensyon at pag-aalis sa listahan.

PRINSIPYO 03: Pagprotekta sa mga ecosystem

Mga kahingian sa Business Partner

3.1.1 Proteksyon

Gamit ang mga sistemang nakabalangkas sa ilalim ng pamantayan 1.0.1, 1.1.3, 1.1.4, 1.2.1, 1.2.2, 1.3.1 at 1.4.1, ang mga Business Partner ay nakatali sa mga time-bound na plano upang matiyak na ang supply shed ng mills sa mga supply chain ay hiwalay na napapatunayang deforestation free.

3.2.1 Deforestation

Pangako ng publiko na iwaksi ang deforestation sa kanilang mga supply chain sang-ayon sa pamantayan 1.0.1 at sa mas malawak na forest-positive approach.

Kung saan may naganap na deforestation sa mga supply chain mula 2015 sa lupaing itinalaga bilang importante o protektado (ayon sa pamantayan 3.0–3.3 sa NRM Sourcing Standard), ito ay babayaran o ipapanumbalik, ayon sa HCS at HCV monitoring at implementation methodologies o katumbas ng mga ito (ref. 3.1 sa NRM Sourcing Standard).

3.3.1 Proteksyon ng peatlands

Kasama sa proactive monitoring na nakabalangkas sa pamantayan 1.0.1, 1.1.3, 1.1.4, 1.2.1, 1.2.2, 1.3.1 at 1.4.1 at iniulat sa publiko o sa pamamagitan ng pampublikong proseso ng pagrereklamo.